



Mga pagbabago sa serbisyo ng Brampton Transit simula Setyembre 8

BRAMPTON, ON (Agosto 27, 2020) –Bilang bahagi ng plano sa muling pagbubukas at pagbangon ng Lungsod, ang serbisyo ng bus ay babaguhin tulad ng sumusunod, simula Martes, Setyembre 8, hanggang sa karagdagang abiso.

Mga Pagbabago sa Serbisyo

Ang sumusunod na mga ruta ng Brampton Transit ay tatakbo simula Setyembre 8 para matiyak na mahusay na mapapagalaw ng transit system ang mga tao sa lungsod.

- 501 Züm Queen
- 502 Züm Main
- 505 Züm Bovaird*
- 511/511A/511C* Züm Steeles
- 1/1A Queen
- 2 Main
- 3/ 3A* McLaughlin
- 4/4A Chinguacousy
- 5/5A Bovaird
- 6 James Potter
- 7/7A Kennedy
- 8 Centre
- 9 Vodden
- 10 South Industrial
- 11/11A Steeles
- 12 Grenoble*
- 13 Avondale*
- 14/14A Torbram
- 15/ 15A* Bramalea
- 16 Southgate*
- 17 Howden*
- 18 Dixie
- 19 Fernforest*
- 20/20A East Industrial
- 23 Sandalwood
- 24 Van Kirk*
- 26 Mount Pleasant
- 27 Robert Parkinson*
- 29/29A* Williams Parkway
- 30 Airport Road
- 31 McVean
- 32 Father Tobin*



- 35 Clarkway
- 50/ 50A Gore Road
- 51 Hereford
- 52 McMurchy
- 53 Ray Lawson
- 54 County Court*
- 56 Kingknoll
- 57 Charolais
- 60 Mississauga Road
- 115 Airport Express

*Balik sa serbisyo ang mga ruta.

Muling magsisimula ang itinalagang mga ruta sa sekondaryong paaralan sa Setyembre 8. Bisitahin ang www.bramptontransit.com para sa isang talaan ng mga ruta na kasalukuyang nagseserbisyo at ang kanilang mga iskedyul o tawagan ang 905.874.2999.

Bilang paalala, ang mga oras ng gusali ng terminal sa Bramalea, Brampton Gateway at Downtown Terminals ay 6 AM hanggang 9 PM. Nananatiling sarado ang Trinity Common Terminal. Para sa mga oras ng Customer Service sa mga terminal, bisitahin ang www.bramptontransit.com.

Mga pangkaligtasang pamamaraan sa COVID-19

Ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na surface, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw.

Hinihikayat ng Lungsod ang mga rider na magpatuloy sa paglayo mula sa iba sa mga terminal, at mga bus stop, kahit na nagsusuot ng mask, hangga't maaari. Pinaalalahanan din ang mga rider na magdala ng kanilang sariling personal disinfectant kapag nagbibiyaha, tulad ng hand sanitizer o wipes, hugasan nang madalas ang kanilang mga kamay, at umubo o bumahin sa kanilang siko. Kung ikaw ay may-sakit, paki-iwasan ang pagsakay sa transit, magpasuri sa pinaka-malapit na COVID-19 assessment site at sundin ang mga tagubilin ng public health.

May gabay mula sa Peel Public Health, ang mga rider ay pinaalalahanan na mandatoryo ang mga hindi medikal na mask sa mga bus at terminal. Ang Lungsod ng Brampton ay nakikipagtulungan nang mabuti sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib.

Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa mga regular na update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Ang mga tanong ay maaaring ipaabot sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.



Service and Information Update

MEDIA CONTACT

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca